

MAGING HANDANG BUMOTO!



Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California IKA-14 NG SETYEMBRE, 2021

Ang bawat aktibong rehistradong botante sa County ng San Diego ay makakatanggap ng balota sa koreo para sa darating na eleksyon. Kung nais ninyong bumoto sa eleksyong ito kayo ay dapat rehistrado para makaboto. Hindi aabutin ng higit sa dalawang minuto ang magparehistro para makaboto sa online sa **sdvote.com**.

ANO BA ANG RECALL NA ELEKSYON?

Ang California ay isa sa 19 na mga estado na pinapayagan sa sinumang naibotong opisyal na “ma-recall”. Sa unang pagkakataon sa halos 20 taon, ang California ay magsasagawa ng eleksyon na magtatanong sa mga botante kung gusto nilang pababain sa katungkulan ang gobernador.

Ang balota ay maglalaman ng dalawang katanungan:

- 1) Gusto ba ninyong i-recall ang gobernador?
- 2) Kung ma-recall, sinong gusto ninyong ipalit sa kanya?

BOSES MO. PINILI MO.

Pirmahan, i-seal, at ibalik ang inyong balota sa pinagkakatiwalaang source:



U.S. Postal Service

Ang inyong balotang pangkoreo ay dapat may postmark sa Araw ng Eleksyon at matanggap ng aming opisina nang hindi lalampas sa Ika-21 ng Setyembre. Hindi kinakailangan ng postage.



Mail ballot drop-off location (MBDO)

Ibalik ang inyong balota sa isa sa higit 130 na mga lokasyon ng mail ballot drop-off sa buong county. Kung i-drop off, ang inyong balota ay dapat matanggap ng ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre.

Bisitahin ang **sdvote.com** para hanapin ang malapit na lokasyon sa inyo.

Ang in-person na pagboto ay available din:



Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante

Samantalain ang maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa Kearny Mesa sa 5600 Overland Avenue, mula sa Ika-16 ng Agosto, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.



Ang in-person na mga lokasyon ng pagboto at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsimula sa Ika-11 hanggang Ika-14 ng Setyembre

Ang mga lokasyon ng pagboto ay magbubukas sa:

- Sabado, Ika-11 ng Setyembre hanggang Lunes, Ika-13 ng Setyembre, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Araw ng Eleksyon, Martes, Ika-14 ng Setyembre, mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Bisitahin ang **sdvote.com** para hanapin ang malapit na lokasyon ng pagboto sa inyo.